

**MIPANGKOP TA MAAN**

**(About Food)**

**A nutrition book in Southern Kalinga**

**Prepared by:  
Rosalie Bulmer  
Emilio Domallig  
George Liban**

**Francisco Daluyong  
Henry Tillao  
George Amiyao  
Henry Gasatan**

**Pilipino translation by: Neri Zamora**

Published  
in cooperation with  
Bureau of Elementary Education  
and  
Institute of National Language  
of the  
Ministry of Education and Culture  
Manila, Philippines

Additional copies of this publication may be obtained from:

TCP  
P.O. Box 423  
Greenhills, Metro Manila

Nutrition and Recipe Book  
in  
Southern Kalinga

54.23-880-4.4C

67.20PT-805059B

Printed in the Philippines

## PAUNANG SALITA

Ang isang katangiang masasabi tungkol sa Pilipinas ay ang pagkakaroon nito ng iba't ibang pangkat etniko na nag-aangkin ng kani-kanilang wikang katutubo. Gayon man, ito'y hindi naging balakid sa pag-unlad ng bansa, bagkus nagpatibay pa nga sa pagbubuklod at pagkakaiba ng mga mamamayan tungo sa pagkakaroon ng isang diwang panlahat.

Ang aklat na ito ay isa sa serye ng ganitong uri ng mga babasahing inihahanda para sa higit na ikalilalang ng mga kaalaman, kakayahan, kasanayan, pagpapahalaga at pagmamahal sa sariling wika ng mga mag-aaral.

Sinikap na malakipan ang aklat ng mga paksang inaaakalang magdudulot ng malaki at makabuluhang kapakinabangan sa mga gagamit nito. Sa paghahanda ng mga ito'y isinaalang-alang ang mga pangkalahatang layunin ng bansa. Isinaalang-alang din ang mga pangkasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagpapalawak at pagpapayaman ng kanilang talasalitaan, paglinang ng kakayahang gumamit ng wikang gamitin at wastong pagsulat nito. May ihilakip ding mga pagsasanay na inaaakalang makatutulong sa mabisang pag-aaral ng wika. Matitiyak na ganap na nilang natutuhan at nauunawaan ang wika kung ito'y buong katalinuhan na nilang natatalakay sa klase at naiuugnay o nagagamit sa tunay na buhay.

Buong pagmamalaking inihahandog ng Ministri ng Edukasyon at Kultura ang aklat na ito taglay ang matapat na hangarin at mithiing lalo pang mapataas ang uri ng edukasyon para sa di marunong bumasa at sumulat sa pamamagitan ng pag-aaral ng kinagisnang wika. At inaasahan din sa gayon ang madaling pagkatuto ng wikang pambansa.

Onofre D. Corpuz  
Ministro ng Edukasyon at Kultura

Na annayay, Mipangkop ta Maan, niyug-is  
à mamachang ta taku ta umooschorcha mipangkop  
ta manganancha ta ustuy maan. Nu anontaun ustuy  
maan, man-oschor na long-agtau ya foon pu'  
mallasun masakitantau.

Na annaya wi Mipangkop ta Maan, turuy  
kingan niyug-isana, Kinalingka, Pilipino ya  
inEnglish, ta mafalin akoy fumachang à  
man-acharan ta anchanayay kinga.

This book, About Food, has been written to help people stay healthy because they eat good food. If we eat the right kind of foods, then we will have strong bodies and will not easily get sick.



This book, About Food, has been written in three languages, Kalinga, Pilipino and English, so it can also be used as an aid to learning those languages.

---

Inihanda ang aklat pangkalusugang na ito, Tungkol sa mga Pagkain, upang matulungan ang mga taong manatiling malusog sa pamamagitan ng pagkain ng wastong uri ng mga pagkain. Kung wastong uri ng pagkain ang ating kakanin, magiging malakas tayo at hindi tayo magkakasakit kaagad.

Sinulat ang aklat na ito sa tatlong wika - Kalinga, Pilipino at Ingles upang magamit din sa pag-aaral ng mga wikang nabanggit.

**Anchanayan chuway anà.**



Kuttong na annay anà.

Maid pun lagpotna  
ya oschor na.

Achi pun mipapuut  
na acharna ta  
uswilaan.

Kanayun wi masakit,  
siyan achun pilak  
wi kastuwonchà akas.

Foon pù naragsak  
na annay anà.

Mampunar na annay anà.

Man-oschor ya  
manlagpot.

Mipapuut na acharna  
ta uswilaan.

Foon pù kanayun wi  
masakit, siyan ait  
na makastuchà akas.

Naragsak na annay  
anà.

Sinun pionyù karasin na anàyu?

Acharontau nu sinun kapun na mangkarakarasiyan  
na an-ananà.

Here are two children.

This child is thin.

He has no energy  
and strength.

He cannot concentrate  
at school.

He is always sick,  
so much money  
is spent on medicine.

This child has  
no happiness.

This child is plump.

He is strong  
and energetic.

He studies well  
at school.

He is not always sick,  
so only a little money  
is spent on medicine.

This child is happy.

Which one would you like your child to be?

Let us learn about the reason for the differences  
in these children.

---

Narito ang dalawang bata.

Payat ang batang ito.

Mahina at walang sigla ang  
kanyang katawan.

Hindi niya maibuhos ang  
kanyang buong pag-iisip  
sa kanyang pag-aaral.

Sakitin siya kaya  
malaking pera ang  
nagagastos ng kanyang  
mga magulang sa mga gamot.

Malungkutin ang batang ito.

Malusog o mataba ang  
batang ito.

Malakas siya at masipag.


Mahusay siya sa paaralan.

Hindi siya sakitin kaya  
kaunti lang ang nagagastos  
ng kanyang mga magulang  
sa mga gamot.

Masayahin ang batang ito.

Alin sa dalawang uri ng bata ang gusto mong maging anak?  
Pag-aralan natin ang dahilan ng pagiging magkakaiba ng  
mga batang ito.

Ilantau nu sinun anoncha.



Na annay ana`  
pawot a`inti, tinapoy  
ya uchum wi mammais  
wi mamaan, ya achi pun  
mangan a`tipoy.

Nu mafitin siya  
ifilana` adchoncha  
amanan inana`  
anonan kinchi ya  
tinapoy siyan  
achina pun  
manganan a`tipoy.

Na annay ana`  
mansafab wi mangan  
a`isna ya tipoy.

Nu mafitin  
adchancha amanan  
inana` man-ob-ofot  
a`maan, chana tipoy,  
atila, farat ya  
isna.

Sinun adchon na man-ob-ofoti maan  
ta long-agtau?

Let us look at what they eat.

This child  
is fond of sugar, bread  
and other sweet  
food, and does not  
eat his vegetables.

If he is hungry  
he cries and his  
parents give him  
candy and bread  
to eat so that is  
why he does not  
eat his vegetables.

This child  
eats lots of  
rice and vegetables.

If he is hungry  
his parents give him  
many kinds of food,  
like vegetables,  
sweet potato,  
bananas and rice.

What do the different foods that we eat give  
to our bodies?

---

Pansinin natin ang kanilang kinakain.

Mahilig sa asukal, tinapay,  
at iba pang matatamis na  
pagkain ang batang ito.  
Hindi siya kumakain ng  
gulay.


Tuwing magugutom siya,  
umilyak siya. Kapag  
umiyak siya, kendi at  
tinapay ang ibinibigay  
ng kanyang mga magulang  
sa kanya.

Kumakain ng maraming kanin  
at gulay ang batang ito.

Tuwing magugutom siya,  
kamote o kaya'y saging  
ang ibinibigay ng kanyang  
mga magulang sa kanya.

Anu-ano ang naidudulot ng iba't ibang uri ng pagkain sa  
ating katawan?

Ad-adchuwan na karasin na maan.



màtipoy

ikan

iprug

atila

ischa

kapi

katas

funga

inti

isna



Na anchanay mangkarakarasi wi maan kasapuran  
na long-agtau, tan mangkarakarasi kon maatodcha.

There are many kinds of food.

vegetables  
fish  
eggs  
sweet potato  
meat  
coffee  
milk  
fruit  
sugar  
rice

These different kinds of food are needed  
by our bodies, because of the different things they give.

Iba't ibang uri ng mga pagkain.


gulay  
isda  
itlog  
kamote  
karne  
kape  
gatas  
bungangkahoy o prutas  
asukal  
kanin

Kailangan natin ang ganitong iba't ibang uri ng mga pagkain  
dahil sa iba't ibang bagay na naidudulot ng mga ito sa ating  
katawan.

Na long-agtau, isun na pakoy wi man-ob-ofot  
na masapurna ta nu pum-un ya mag-kasan, isun na  
init, afunu ya chanum.



Nu maid winnu kurang na farangna  
ta annay turu, foon pu' mawan pakoy  
ya nu mamingsan siya kon iyatoy na pakoy.



Our bodies are like rice plants which have different needs to have many stalks and be fruitful, like the sun, fertilizer and water.

If any one of these three things is missing or lacking, the rice plant will not produce rice and sometimes it will die because of the lack.

---

Ang ating katawan ay tulad sa palay na nangangailangan ng iba't ibang mga bagay gaya ng sikat ng araw, abono at tubig upang magkauhay at magbunga.

Kung mawala ang isa man sa tatlong mga bagay na ito, hindi lalago ang palay at pagkaminsa'y nagiging sanhi pa ng kanyang pagkaluoy.

Isun na long-agtau taku wi man-ob-ofot na masapurna. Nu maid pun winnu kurang na osa ta anchanay masapurnay mamanan, nakapsut ya mafalin akoy iyatoytau nu amod wi makukurang.

Nu siya afus wi anontaun piontau wi maan, foon a umoschor ya fumifilog na long-agtau.

Siyang kasapuran wi mangantau man-ob-ofot ta finikat.



Acharontau ya usarontau chana man-ob-ofot wi maan.

It is the same with the bodies of people which need different things. If one of the needs is not present or lacking in the foods we need, we will be weak and may die if much is lacking.

Just eating the food that we like best will not give strength and energy to our bodies.

So we must eat many kinds of food every day.

Let us learn about and use these different kinds of food.

---

Katulad ng palay ang ating katawan na nangangailangan din ng iba't ibang mga bagay. Kung kulang tayo o hindi natutugunan ang sustansyang kinakailangan ng ating katawan ay manghihina tayo. Kung malaki ang kakulangan noon, maaari pa ring maging sanhi iyon ng ating kamatayan.

Hindi tayo lulusog kung ang paboritong pagkain lamang natin ang ating kakanin. Kailangan iba't ibang uri ng pagkain ang kainin natin araw-araw.

Pag-aralan natin ang iba't ibang uri ng masusustansyang pagkain.

Na uchumi maan pachakronan long-ag.

- Na anchanay mampachakor wi mamanan siyan miyanan wi protein.

Anchanayan mamanan wi mangatod à protein,  
ikan ya ischa.



Na uchumi maan mangatod à umoschoran  
ya fumifilkan na long-ag.

- Na anchanay mampaoschor ya mampafilog  
wi mamanan, sichan miyanan wi carbohydrate  
ya manlaranit.

Anchanayan mamanan wi mampaoschor,  
isna ya afukachu.



Na uchumi maan tumurung ta long-ag ta achi  
mallasun masakitan, ya paoschoronchan  
long-ag ad mallasu kon mamanan masakit.

- Na anchanay mamanan, sichan miyanan  
vitamin ya mineral.

Anchanayan mamanan wi mangatod à vitamin  
ya mineral, matipoy ya funga.



Acharontaun mipangkop ta chanay man-ob-ofot  
wi karasin na mamanan.

Some foods cause our bodies to grow.

- These foods which cause us to grow are called proteins.

These foods which give protein are (for example) fish and meat.

Some foods give us strength and energy.

- These foods which cause us to be strong and energetic are called carbohydrates and fats.

These foods which cause strength are (for example) rice and avocado.

Some foods help the body to not easily become sick, and strengthen the body so it is easy for the sickness to be cured.

- These foods are called vitamins and minerals.

These foods which give vitamins and minerals are (for example) vegetables and fruits.

Let us learn more about these different types of foods.

---

Mga pagkaing nakapagpapalaki.

- Protina ang tawag sa mga pagkaing nakapagpapalaki. Ang isda at karne ay halimbawa ng mga pagkaing sagana sa protina.

May mga pagkaing nakapagpapasigla at nakapagpapalakas.

- Carbohydrates at Fat ang tawag sa mga pagkaing nakapagpapalakas at nakapagpapasigla.

Ang kanin at abokado ay halimbawa ng mga pagkaing nakapagpapalakas.


May mga pagkaing tumutulong sa atin upang hindi tayo magkasakit kaagad. Pinananatili ng mga itong malusog ang ating katawan at dagliang napagagaling ng mga ito ang ating mga karamdaman.

- Bitamina at mineral ang tawag sa mga pagkaing ito.

Ang gulay at prutas ay mga pagkaing nagbibigay ng bitamina at mineral.

Pag-aralan pa natin ang iba't ibang uri ng masusustansyang pagkain.

## Protein



ischa

ikan ya ot-an

iprug

katas

fingkaw

mani

- Masapurtaun annay karasin na maan tan siyan mangwà mangipar-og ya mampapilat ta mayam-an wi long-agtau.

- Sanan kasapuran na an-ananà wi chumakor.

- Sanan kasapuran na mafuki ya mantakifi ta umoschor na anà.

- Nu kurang na annay karasi wi maan ta anontau, kait na anà ya mansikab na chumakrancha, ya mallasun masakitancha.

## Protein

meat  
fish and shellfish  
eggs  
milk  
dried beans  
peanuts

- We need these kinds of foods because they make or build and repair the body tissues.
  - They are needed by children to grow.
  - They are needed by pregnant and nursing mothers so the baby will be strong.
  - If this food is lacking in our diet, the babies will only be small and it will be hard for them to grow, and they will easily become sick.
- 

## Protina

karne  
isda at tulya  
itlog  
gatas  
tuyong bins  
mani

- Kailangan natin ang ganitong mga pagkain sapagka't ang mga ito'y nagsasaayos at nagpapagaling ng mga napinsalang bahagi ng ating katawan.
- Kailangan ng mga bata ang mga pagkaing sagana sa protina.
- Kailangan ng mga inang nagdadalantao at nagpapasuso ang mga pagkaing sagana sa protina upang maging malakas ang kanilang sanggol.
- Kung kulang ng sustansya ang kinakain ng inang nagdadalantao at nagpapasuso, madaling magkakasakit ang sanggol. Mauudlot din ang paglaki ng sanggol na maaari pang maging dahilan ng kanyang pagiging bansot.

## Carbohydrate ya Manlaranit



isna

kaaw

atila ya afa

tinapoy

inti

farat

tafa

puliku

mani

afukachu

- Masapurtaun anchanay karasi wi maan tan mangatod  
i umoschoran ya fumifilkan na long-ag.

- Na manlaranit wi maan fumachang tan  
umoschoran ya fumaruwan na uglit.

- Nu kurang na annay carbohydrate wi maan  
ta anontau, nakapsuttau ya foon pu' ustun  
maniwaarantau.

- Nu kurang na annay manlaranit wi maan  
ta anontau, mararangu ya masmas-in uglittau.

## Carbohydrate and Fat

rice  
corn  
sweet potato and gabi  
bread  
sugar  
bananas  
  
animal fat  
cooking oil  
peanuts  
avocado


- We need these kinds of foods because they give strength and energy to the body.
  - The fatty foods help the skin to be strong and healthy.
  - If this carbohydrate food is lacking in our diet, we will be weak and cannot do our work properly.
  - If this fatty food is lacking in our diet, our skin may become dry and cracked.
- 

## Carbohydrate at Fat

kanin  
mais  
kamote at gabi  
tinapay  
asukal  
saging  
  
taba ng hayop  
mantika  
mani  
abokado

- Kailangan natin ng mga pagkaing sagana sa carbohydrate sapagka't ang mga ito'y nakapagpapalakas at nakapagpapasigla sa ating katawan.
- Kung kulang o walang carbohydrate ang ating kinakain, magiging mahina tayo at hindi tayo makapagtatrabahong mabuti.
- Ang mantika ay nakapagpapalusog sa ating balat. Kung walang mantika ang ating kinakain, manunuyo at magpuputuk-putok ang ating balat.

## Vitamins ya Minerals



matipoy

ischa

ikan

fingkaw

iprug

katas

funga

mani

- Masapurtaun anchanay karasin na maan tan fadngan chitau wi mamatoy ta sakit ya umooschor na long-ag.

- Ad-adchuwana na karasin na vitamin ya mineral ya mangkarkarasin fachangcha ta long-ag.

Acharontau nu sinun in-inon na anchanay karasi wi maan wi fumachang an chitau ta achi mallasun mangaran na long-ag à sakit.

## Vitamins and Minerals

vegetables  
meat  
fish  
dried beans  
eggs  
milk  
fruit  
peanuts

- We need these kinds of foods because they help us fight sickness and strengthen the body.
  - There are many different kinds of vitamins and minerals and different ways that they help the body.
  - Let us learn how the different kinds of food can help us to not easily become sick.
- 

## Bitamina at Mineral

gulay  
karne  
isda  
tuyong bins  
itlog  
gatas  
bungangkahoy o prutas  
mani

- Kailangan natin ng mga pagkaing sagana sa bitamina at mineral.
- May iba't ibang uri ng bitamina at mineral. Nakakatulong ang mga iyon sa iba't ibang kaparaanan - panlaban sa sakit at pinapananatili tayong malusog.
- Pag-aralan natin kung paanong nakakatulong ang mga pagkaing sagana sa bitamina at mineral upang huwag tayong dagliang dapuan ng karamdaman.

Nu maid kanas wi mangan,  
 oschor na long-ag  
 kanayun matufor na attay  
 ya maos-osyawan-ayu,


mafalin wi mangkurang na long-agyu  
 ta vitamin B1, B2 ya B12.

Ma nu achiayu makurangan ta anchanay vitamins,  
 mangan-ayu ta anchanay mamaan:



tufun na sichut  
 atad  
 malunggay  
 kangkong  
 tufun na parya




patatas  
 kaaw  
 afukachu




Minayu wi foon pu  
 nafayu isag  
 pingkaw  
 mani  
 buyo



katas  
 iprug



agtoy, pusu, fatin  
 ikan  
 ot-an ya finga  
 karni wi foro, faka ya luwang




If you have no happiness in eating (no appetite),  
 strength of the body,  
 are often constipated,  
 and you are nervous and irritable,

maybe your body is lacking  
 in vitamin B1, B2, and B12.

So that you will not be lacking in these vitamins,  
 eat these foods:

|                   |                      |
|-------------------|----------------------|
| hot pepper leaves | potatoes             |
| sweet potato tops | corn                 |
| malunggay leaves  | avocado              |
| kangkong          |                      |
| ampalaya tops     | milk                 |
|                   | eggs                 |
| whole grains      |                      |
| dried beans       | liver, heart, kidney |
| peanuts           | fish                 |
| rice bran         | shellfish            |
|                   | lean pork and beef   |



Kung wala tayong ganang kumain,  
 mahina ang ating katawan,  
 laging nagtitibi,  
 at matatakutin at mayayamutin,

maaaring kulang tayo sa mga  
 bitaminang B1, B2, at B12.

Upang matugunan ang pangangailangan ng ating katawan sa mga  
 bitaminang nabanggit, kumain tayo ng mga pagkaing gaya ng  
 mga sumusunod:


|                                  |                       |
|----------------------------------|-----------------------|
| talbos ng sili                   | patatas               |
| talbos ng kamote                 | mais                  |
| kangkong                         | abokado               |
| dahon ng ampalaya                |                       |
| bigas na hindi binayo nang husto | gatas                 |
| tuyang bina                      | itlog                 |
| mani                             |                       |
| darak                            | atay, puso, bato      |
|                                  | isda                  |
|                                  | tulya                 |
|                                  | karneng baboy at baka |

Nu sakarasaran wi uglit,  
mansikab na ngurub ya ongor,

mafalin wi mangkurang na long-agyu  
ta vitamin A, B2, B12 ya E.

Ta nu achiayu makurangan ta anchanay vitamins,  
mangan-ayu ta anchanay mamaan:

agtoy, pusu, fatin  
ikan  
ot-an ya finga



katas  
iprug




kangkong  
lichoy  
malunggay  
tufun na sichut  
tufun na parya  
wumfuk  
atad



payat wi nar-um  
mangka wi nar-um  
arfasa  
atila wi linuwang  
kaaw wi yellow  
patatas  
karut



fingkaw  
finayu wi foon pu  
nafayu isag  
muyò



If you have rough, dry skin,  
sores in the mouth and nose,

maybe your body is lacking  
in vitamins A, B2, B12 and E.

So that you will not be lacking in these vitamins,  
eat these foods:

liver, heart, kidney  
fish  
shellfish

milk  
eggs

ripe papaya  
ripe mango  
squash  
yellow sweet potato  
yellow corn  
potatoes  
carrots

kangkong  
gabi leaves  
malunggay leaves  
hot pepper leaves  
ampalaya leaves  
Chinese cabbage  
sweet potato tops

dried beans  
whole grains  
rice bran

---

Kung magalagas ang ating balat,  
at namamaga ang ating ilong at bibig,

maaaring kulang ng bitamina A, B2, B12 at E  
ang ating katawan.

Upang magkaroon ang ating katawan ng mga nabanggit na  
mga bitamina, kumain ng mga sumusunod:

atay, puso, bato  
isda  
tulya

gatas  
itlog

papayang hinog  
manggang hincg  
kalabasa  
dilaw na kamoteng baging  
mais na dilaw  
patatas  
karot

kangkong  
dahon ng gabi  
malunggay  
talbos ng sili  
dahon ng ampalaya  
petsay  
talbos ng kamote

tuyong bins  
buong bigas  
o bigas na hindi binayo  
darak nang husto

Nu chumara na laman,  
 lawing wi fafa,  
 ya mayam-os wi tung-ar,

mafalin wi mangkurang na long-agyu  
 ta vitamin C ya D, ya minerals  
 wi calcium ya phosphorus.

Ta nu achiayu makurangan ta anchanay vitamins  
 ya minerals, mangan-ayu ta anchanay mamanan:


okra  
 parya  
 wumfuk  
 malunggay  
 tufun na sichut  
 tangaw na arfasa  
 yangyang




katas  
 iprug




kayait  
 payat wi nar-um  
 mangka wi maata  
 arsom  
 kamatis



fangkaw  
 fanayu wi foon pu  
 nafayu isag  
 soy



agtoy, pusu, fatin  
 ikan



If you have bleeding gums,  
bad teeth,  
and soft bones.

maybe your body is lacking  
in vitamins C and D, and minerals  
calcium and phosphorus.

So that you will not be lacking in these vitamins  
and minerals, eat these foods:

|                   |                      |
|-------------------|----------------------|
| okra              | milk                 |
| ampalaya          | eggs                 |
| Chinese cabbage   |                      |
| malunggay leaves  | guava                |
| hot pepper leaves | ripe papaya          |
| gabi leaves       | green mango          |
| squash tops       | citrus               |
| squash flowers    | tomato               |
| dried beans       | liver, heart, kidney |
| whole grains      | fish                 |
| soy sauce         |                      |

---

Kung nagdurugo ang mga gilagid,  
may sira ang mga ngipin,  
at malambot ang mga buto,

maaaring kulang sa bitamina C at D, at mga mineral  
na calcium at phosphorus.

Upang matugunan ang pangangailangan ng katawan sa mga bitamina  
at mineral, kumain ng mga sumusunod:


|                                  |                  |
|----------------------------------|------------------|
| okra                             | gatas            |
| ampalaya                         | itlog            |
| petsay                           |                  |
| malunggay                        | bayabas          |
| talbos ng sili                   | papayang hinog   |
| talbos ng kalabasa               | manggang hilaw   |
| bulaklak ng kalabasa             | sitrus           |
|                                  | kamatis          |
| tuyong bins                      |                  |
| bigas na hindi binayo nang husto | atay, puso, bato |
| toyo                             | isda             |

Nu maid pun pigsá,  
 nakapsut na chara,  
 ya maalimuchong-ayú,

mafalin wi mangkurang na long-agyu  
 ta mineral wi iron, ya vitamins  
 C ya E.

Ta nu achiayu makurangan ta anchanay mineral  
 ya vitamins, mangan-ayú ta anchanay mamanan:


agtoy, puso, fatin  
 karni  
 payangan na iprug  
 ikan




kayait  
 payat wi nar-um  
 mangka wi maata  
 arsom



sifuyas  
 atila  
 wumfuk ya petsay  
 puryu wi foon á mautu  
 kamatis



fingkaw  
 finayu wi foon pu'  
 nafayu isag  
 mani  
 puliku wi kaaw



If you have no energy,  
anemia,  
and you are dizzy,

maybe your body is lacking  
in the mineral iron, and vitamins  
C and E.

So that you will not be lacking in these mineral  
and vitamins, eat these foods:

liver, heart, kidney  
lean meat  
egg yolk  
fish

guava  
ripe papaya  
green mango  
citrus

green onions  
sweet potato  
Chinese cabbage  
tomato

dried beans  
whole grains  
peanuts  
corn oil

---

Kung mahina ang katawan,  
mababa ang presyon ng dugo,  
at laging nahihilo,

maaaring kulang ng bakal na mineral,  
at ng mga bitaminang C at E.

Upang matugunan ang pangangailangan ng katawan sa mga  
nabanggit na mga bitamina at mineral, kumain ng mga sumusunod

atay, puso, bato  
karneng panay laman  
pula ng itlog  
isda

bayabas  
papayang hinog  
manggang hilaw  
sitrus

dahon ng sibuyas  
kamoteng baging  
petsay  
repolyong hilaw  
kamatis

tuyong bins  
bigas na hindi binayo nang husto  
mani  
langis na kinuha sa mais

Mu mallasun chumaraanyu,  
maanu na kuminoan na chara,  
ya chumarachara-ayu,

mafalin wi mangkurang na long-agyu  
ta vitamins K ya C, ya mineral wi calcium.


Ta nu achiayu makurangan ta anchanay vitamins  
ya mineral, mangan-ayu ta anchanay mamaan:

okra  
parya  
malunggay  
wamfuk  
lichoy  
kamatis  
tangaw na arfasa  
yangyang



soy

agtoy  
filis



fingkaw



kayait  
arsom



katas



If you bleed easily,  
the blood is slow to clot,  
and you have hemorrhaging,

maybe your body is lacking  
in vitamins K and C, and mineral calcium.

So that you will not be lacking in these vitamins  
and mineral, eat these foods:

|                  |            |
|------------------|------------|
| okra             | soy sauce  |
| ampalaya         |            |
| malunggay leaves | liver      |
| Chinese cabbage  | dried fish |
| gabi leaves      |            |
| tomato           | milk       |
| squash tops      |            |
| squash flowers   |            |
| dried beans      |            |
| guava            |            |
| citrus           |            |

---

Kung madaling magdugo ang sugat,  
mabagal mamuo ang dugo,  
at hindi maampat ang pagdaloy ng dugo mula sa  
nasugatang bahagi ng ating katawan,

maaaring kulang tayo sa mga bitaminang  
K at C, at sa mineral na calcium.

Upang matugunan ang pangangailangan ng ating katawan sa  
mga bitamina at mineral na nabanggit, kumain ng mga sumusunod:

|                      |       |
|----------------------|-------|
| okra                 | toyo  |
| ampalaya             |       |
| malunggay            | atay  |
| petsay               | daing |
| dahon ng gabi        |       |
| kamatis              | gatas |
| talbos ng kalabasa   |       |
| bulaklak ng kalabasa |       |
| tuyong bins          |       |
| bayabas              |       |
| sitrus               |       |

Nu mafingkoran-ayu,

mangkurang na long-agyu  
ta mineral wi iodine.


Ta nu achiayu makurangan ta annayay mineral,  
mangan-ayu ta anchanay mamanan:

Maan wi marpu ta fayfay

ikan

finga

mura wi marpu ta fayfay



naiodinan wi asin



furfurtak



If you have a goiter,

your body is lacking  
in the mineral iodine.

So that you will not be lacking in this mineral,  
eat these foods:

Food from the sea

fish

shellfish

seaweeds

iodised salt

bulbultak

---

Kung may boso,

kulang sa mineral na iodine  
ang katawan ng isang tao.

Upang matugunan ang pangangailangan ng katawan sa mineral  
na iodine, kumain ng mga sumusunod:

Pagkaing dagat

isda

tulya

gulaman o damong-dagat

asing yodoso

bulbultak

Nu kanayun-ayu wi masakit,  
maanu wi mapilatan na sukat,  
ya mapanating-ayu,

mafalin wi mangkurang na long-agyu  
ta vitamin C.


Ta nu achiayu makurangan ta annayay vitamin,  
mangan-ayu ta anchanay mamanan:

malunggay  
parya  
wumfuk ya petsay  
sichut ya sili  
puryu wi foon à mautu  
kamatis



kayait  
payat wi nar-um  
mangka wi maata  
arsom

faka ya luwang  
agtoy, pusu, fatin  
pali



If you are always sick,  
wounds heal slowly,  
and you have colds and flu,

maybe your body is lacking  
in vitamin C.

So you will not be lacking in this vitamin,  
eat these foods:

|                      |             |
|----------------------|-------------|
| malunggay leaves     | guava       |
| ampalaya             | ripe papaya |
| Chinese cabbage      | green mango |
| hot and sweet pepper | citrus      |
| raw cabbage          |             |
| tomato               |             |

beef  
liver, heart, kidney  
pig spleen

---

Kung lagi kang nagkakasakit,  
matagal mabahaw ang sugat,  
inuubo at nilalagnat,

maaaring kulang sa bitamina C  
ang iyong katawan.

Upang matugunan ang pangangailangan ng katawan sa bitamina C,  
kumain ng mga sumusunod:

|                 |                |
|-----------------|----------------|
| malunggay       | bayabas        |
| ampalaya        | papayang hinog |
| petsay          | manggang berde |
| sili            | sitrus         |
| repolyong hilaw |                |
| kamatis         |                |

baka  
atay, puso, bato  
pali ng baboy

Nu masakawsaw-ayu,  
 maamachog-ayu,  
 ya mansikab na atayu ta silaw,

mafalin wi mangkurang na long-agyu  
 ta vitamin A ya B2.

Ta nu achiayu makurangan ta anchanay vitamins,  
 mangan-ayu ta anchanay mamaan:


arfasa  
 karut  
 atila wi linuwang  
 kaaw wi yellow  
 payat wi nar-um  
 mangka wi nar-um



lichoy  
 malunggay  
 tufun na sichut  
 tufun na parya  
 kangkong  
 wungfung ya petsay  
 atad

agtoy  
 ischa  
 katas  
 ot-an ya finga  
 iprug

soya  
 soy beans



If you have night-blindness,  
itching, burning eyes,  
and your eyes are sore in the light,

maybe your body is lacking  
in vitamin A and B2.

So that you will not be lacking in these vitamins,  
eat these foods:

squash  
carrots  
yellow sweet potato  
yellow corn  
ripe papaya  
ripe mango

gabi leaves  
malunggay leaves  
hot pepper leaves  
ampalaya leaves  
kangkong  
Chinese cabbage  
sweet potato tops

liver  
lean meat  
milk  
shellfish  
eggs

dried lima beans  
soybeans

---

Kung malabo ang mata sa gabi,  
nangangati at mainit ang singaw ng mga mata gayundin,  
kung masakit ang mga mata kapag tinatamaan ng liwanag,

maaaring kulang sa mga bitamina A at B2.

Upang matugunan ang pangangailangan ng katawan sa bitamina A  
at B2, kumain ng mga sumusunod:

kalabasa  
karot  
kamoteng baging  
dilaw na mais  
papayang hinog  
manggang hinog

dahon ng gabi  
malunggay  
dahon ng sili  
dahon ng ampalaya  
kangkong  
petsay  
talbos ng kamote

atay  
karneng panay laman  
gatas  
tulya  
itlog


tuyong patani  
balatong

Nu mansikab na mawaan na ana  
ya maid pun anayu,

mafalin wi mangkurang na long-agyu  
ta vitamin E ya minerals iron ya iodine.

Ma nu achiayu makurangan ta anchanay vitamin  
ya minerals, mangan-ayu ta anchanay mawaan:

maiodinan wi asin  
maan wi marpu ta fayfay  
furfurtak




mani




petsay  
pifuyas  
atila wi linuwang



payangan na iprug  
agtoy, pusu, fatin  
fokas na karni



finayu wi foon pu  
nafayu isag  
fingkaw  
mantikan na soybean



If you have difficulties in reproductive processes,  
and are childless,

maybe your body is lacking  
in vitamin E and minerals iron and iodine.

So that you will not be lacking in these vitamins  
and minerals, eat these foods:

|                     |                      |
|---------------------|----------------------|
| iodised salt        | peanuts              |
| food from the sea   |                      |
| bulbultak           |                      |
| Chinese cabbage     | egg yolk             |
| green onions        | liver, heart, kidney |
| yellow sweet potato | lean meat            |
|                     | whole grains         |
|                     | dried beans          |
|                     | soybean oil          |

---

Kung nahihirapang makabuo,  
o hindi magkaanak ang isang babae,

maaaring kulang siya sa bitamina E  
at mga mineral na yodo at bakal.

Upang matugunan ang pangangailangan ng katawan sa bitamina E  
at mga mineral na yodo at bakal, kumain ng mga sumusunod:

|                          |                                  |
|--------------------------|----------------------------------|
| asing yodoso             | mani                             |
| pagkaing dagat           |                                  |
| bulbultak                | pula ng itlog                    |
|                          | atay, puso, bato                 |
| petsay                   | karneng panay laman              |
| dahon ng sibuyas         |                                  |
| dilaw na kamoteng baging | bigas na hindi binayo nang husto |
|                          | tuyong bins                      |
|                          | langis ng balatong               |

## Mampili Maan

- Masapur wi achuwontaun karasin na maan ta finikat, winnu na osay maan wi awad na losani masapurtau.

- Masapur wi akammuwontaun karasin na maan ta akammuwontau na mafalin wi piliyan.


- Piliyanyun maan wi achun adchona winnu fachangna ta long-ag.

- Usarontau na awad, naraka ya mitimpu ta timpuna wi maara.

- marpu ta uma ya karchin

- marpu ta tinchaan

- marpu ta nichulin



## Selecting Foods

- We must eat many different kinds of food every day, or one food which has all that we need.
  - We must know these different foods to know what is good to choose.
  - Choose the foods that have the most nutrients (or goodness) in them.
  - Let us use what is available, cheap and found in each season.
    - from the garden
    - from the store
    - from what you have preserved
- 

## Pagpili ng Pagkain

- Kailangang iba't ibang uri ng pagkain o kaya'y isang uri ng pagkaing puno ng mga sustansyang kailangan ng ating katawan ang ating kanin araw-araw.
- Kailangang alamin muna natin ang iba't ibang uri ng mga pagkain upang malaman natin kung ano ang mabuting mapagpipilian.
- Piliin ang mga pagkaing makatutulong nang husto sa ating katawan.
- Kanin lamang kung alin ang mura at nasa panahon gaya ng mga bunga.
  - sa inyong gulayan
  - mga nabibili sa pamilihan
  - mga inimbak na mga pagkain


Oyyoontau na Mamfaru ta Anontau.

- Chog-an na tipoy à laukna à farangnay mifakay ta awad achu faching ta long-ag.

- Usaron unaon na nafun-an (tugcha), ta achi machachail.

- Un-unnoy ta an-ananà nu painum na anchanay:  
katas  
farat na fungfunga  
farat na tipoy  
nu kapi, itcha, winnu Coke, orange ya Pepsi.

- Achiyu kastuwon na pilakyu à kinchi winnu Coke, orange ya Pepsi à para ta an-ananàyu. Ingin-anyu chichà ustù maan wi isun na iprug.



## Let us do the Good Thing (be wise) in Our Eating.

- Add some extra things to your viand so there are many things to help the body.
- Use the left-overs first, so you will not waste anything.
- It is better to let your children drink these:
  - milk
  - fruit juices
  - soupthan coffee, tea or soft drinks.
- Do not waste your money buying candy or soft drinks for your children. Buy them good food like an egg.



---

## Wastong Paggasta at Di Pag-aaksaya ng Pagkain.

- Gawing iba't iba ang paraan ng paghahanda ng ulam upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng ating katawan.
- Unang kanin ang natirang pagkain upang hindi iyon masayang.
- Painumin ng maraming gatas, katas ng prutas, at sabaw ng ulam ang mga bata. Higit na mabuti ang mga iyon kaysa kape, tsaa o kaya'y coke, orange at pepsi.
- Huwag aaksayahin ang pera sa pagbili ng kendi o coke, orange, at pepsi para sa inyong anak. Sa halip, mabuting pagkain ang bilhin tulad ng itlog.

## Mansakanà Maan

- Masapur wi mafarfaran na matipoy achiwot mautu.
- Masapur wi mafarfaran ta safun na maan wi mangilaw.
- Ipachasyu isangu na mangkarakarasi wi maan tan kankanason na familya.
- Nu mapruy na maan, maaan na vitamins siyan maid silfina ta long-ag. Utuwon na maan a loognay maan.



## Preparing Food

- Wash all fruits and vegetables before they are cooked.
  - Wash with soap the things to be eaten raw.
  - Try to prepare some different kinds of foods because your family will enjoy them.
  - If you over-boil the food, the vitamins will be removed and be of no use to the body. Cook the food only just enough to be eaten.
- 

## Paghahanda ng Pagkain

- Hugasan ang gulay bago lutuin.
- Sabunin ang anumang pagkaing kakanin ng hilaw.
- Maghanda ng iba't ibang uri ng pagkain sapagka't ang mga iyon ay higit na kagigiliwan ng buong mag-anak.
- Huwag lalabugin ang gulay. Mawawala ang mga bitamina at wala nang pakinabang na maidudulot sa katawan kapag pinakuluan nang matagal ang pagkain.

## Manguran à Maan.

Nu osa kan karasin na tipoy, sikurachu wi kurang na masapur na long-ag.

- Pachasontaury mammura à mangkarkarasi` maan, isun na achun vitamina, ta achun karasin na tipoy.

- Mammanùtau ya mangkamittau ta awad anontau` iprug ya ischa. Nu ikurungtau foon à mallasun mangar-anchà kaisaw.

- Achun karasin na lamos wi mimura ta payaw tan masapur akon long-agtau.



Nu achun karasi wi maan, achu kon karasi wi adchonay masapur na long-ag.

## Obtaining Food

If our viand is only one kind, it is sure to be lacking in something our body needs.

- Let us try to plant a variety of foods, especially those that have many vitamins, so we can have many kinds of viand.
- Let us raise chickens and ducks so that we can eat the eggs and meat. If they are kept in pens they will not catch diseases so easily.
- Many types of fish can be raised in the rice fields because they have nutrients our body needs.

If we have many types of food, there will also be many things to give what our body needs.

---

Kung gulay lamang ang ating iuulam, tiyak na hindi magigiging sapat ang sustansyang matatamo ng katawan.

- Kailangan nating magtanim ng iba't ibang uri ng gulay at prutas lalong lalo na yaong puno ng bitamina upang makakain ng sarisaring ulam.
- Mag-alaga tayo ng maraming manok at itik upang makakain tayo ng itlog at karne. Ikulong ang mga manok at itik upang hindi sila madaling mahawa ng sakit.
- Iba't ibang uri ng isda ang maaaring palakihin sa mga palayan. Mahalaga ang nagagawa nila sa ating katawan.

Kung iba't ibang uri ng pagkain ang ating kakanin, higit na maraming sustansya ang matatamo ng ating katawan.

Man-utu.

Foon pù mansikab na mangwa ta anchanay mangkarkarasi wi maan, tan wachawadcha ta foroytau. Nu foon pù wachawad na anchanay maan, usarom na awad winnu pasaliyam à isuna nu siyan awad.

Ochasanyu mangkarkarasi wi maan tan mipasali wi panid na annay nibru.

Tufuy Matipoy  
Nguray  
Lamramut wi Maan  
Arfasa  
Tarung  
Uchum wi Matipoy  
Manlârauk wi Matipoy  
Fingkaw  
Ukachiw ya Karni  
Pinagchulin ta Karni



## Cooking

It will not be hard to make these recipes (different kinds of food), because the things we need are already in our houses. If you do not have everything, you can still try the recipe, just use the things you do have or substitute with something like it that you have.

You will find recipes for these things on the following pages of this book.

Leafy Greens  
Green Beans  
Root Crops  
Squash  
Eggplant  
Other Vegetables  
Mixed Vegetables  
Dried Beans  
Fish and Meat  
Preserving Meat

---

## Pagluluto

Hindi naman mahirap ang magluto ng iba't ibang pagkain sapagka't nasa ating mga bakuran ang anumang bagay na ating kailangan. Kung wala kayo ng mga ganitong pagkain, gamitin kung ano ang mayroon o kaya'y palitan ng ibang kauri ng mga iyon.

Mababasa ang iba't ibang uri ng paghahanda ng pagkain sa mga sumusunod na pahina ng aklat na ito.

Mga Gulay na Talbos  
Mga Sariwang Bins  
Halamang Ugat  
Kalabasa  
Talong  
Iba pang mga Gulay  
Sarisaring Gulay  
Tuyong Bins  
Isda at Karne  
Ang Pag-iimbak ng Karne

## Furfurtak

furfurtak  
sifuyas  
kamatis

fawang ya sichut  
nu piom.

1. Farfaran ya tadtachon na furfurtak.
2. Ipulitun sifuyas ta pannangran.
3. Mafalin akoy uap à fawang ya sichut nu piom.
4. Uam na furfurtak à nakapkap à kamatis nu awad.
5. Tangfam ad imparparwagnu ingkana mautun furfurtak.



### Bulbultak

bulbultak  
onions  
tomatoes

garlic and chili  
if you want

1. Wash and chop up the bulbultak.
  2. Fry the chopped onion in the frypan.
  3. You can also add garlic and chili if you want.
  4. Add the bulbultak and chopped tomatoes if there are any.
  5. Cover the pan and let the food steam until the bulbultak is cooked.
- 

### Bulbultak

bulbultak  
sibuyas  
kamatis

bawang at sili  
kung nais

1. Hugasang mabuti at pagkatapos ay tadtarin ang bulbultak.
2. Maggisa ng sibuyas sa kawali.
3. Maaari ring haluan ng bawang at sili kung nais.
4. Ihalo ang bulbultak at tinadtad na kamatis kung mayroon.
5. Takluban at pasingawan hanggang sa maluto ang bulbultak.

Atad winnu Tangaw na Sayyuti wi Salad.

1 kamatis wi nakapkap  
1 kàit wi nakapkap wi sifuyas  
    winnu tufun na sifuyas  
2 tasa wi atad  
 $\frac{1}{2}$  tasa wi chanum  
 $\frac{1}{4}$  tasa wi ilom  
    winnu chanum na kalamansi  
1 fàrung wi kàit wi asin  
2 fàrung wi inti  
1 narùmug wi iprug (nu awad)

1. Ipulitun kamatis ya sifuyas.
2. Utuwon na atad ta lungrungwag wi chanum à limay minutus ingkanà yumam-os.
3. Mafalin wi uam à sichut ya aramang nu awad.
4. Ilauknun ilom, asin, inti ya pinulituy sifuyas ya kamatis ta atad.
5. Kafuom na niturnò wi iprug ad inwaiwànu ta atad.



## Sweet Potato or Sayote Tops Salad

- 1 chopped tomato
- 1 small chopped onion  
or green onion
- 2 cups sweet potato tops
- $\frac{1}{2}$  cup water
- $\frac{1}{4}$  cup vinegar  
or calamansi juice
- 1 teaspoon salt
- 2 tablespoons sugar
- 1 hard boiled egg (if available)

1. Fry the tomato and onion.
2. Cook the sweet potato tops in boiling water for five minutes or until a little soft.
3. Add chili and alamang if you want.
4. Add the vinegar, salt, sugar and fried onions and tomatoes.
5. Chop up the hard boiled egg and place on top.

---

## Ensaladang Talbos ng Kamote o Talbos ng Sayote

- 1 kamatis, hiwain
- 1 sibuyas na maliit, hiwain nang pabilog  
o dili kaya'y sariwang dahon ng sibuyas
- 2 tasang talbos ng kamote
- $\frac{1}{2}$  tasang tubig
- $\frac{1}{4}$  tasang suka  
o katas ng kalamansi
- 1 kutsaritang asin
- 2 kutsarang asukal
- 1 itlog, nilaga (kung mayroon)

1. Igisa ang kamatis at sibuyas.
2. Pakuluan ang talbós ng kamote sa loob ng limang minuto o hanggang sa lumambot nang kaunti.
3. Maaari ring haluan ng sili at alamang kung nais.
4. Ihalo ang suka, asukal, asin at ginisang sibuyas at kamatis.
5. Tadtarin ang nilagang itlog at ilagay sa ibabaw.

## Pinulitu wi Matipoy

Mafalan wi utuwonyu na petsay, puryu, atad winnu tangaw na sayyuti, tangsuy ya uchum wi tufu wi matipoy à amasna.

1 nakapkap wi sifuyas  
1 fuor wi fawang  
1 fàrung wi mantika  
tufu matipoy  
1 tasa wi chanum

1 nakapkap wi kamatis  
1 fàrung wi kait wi  
nakapkap à laya  
winnu sichut

1. Ipulitum na sifuyas ya fawang.
  2. Chog-am na kamatis ya laya winnu sichut.
  3. Uam à tufu matipoy ya chanum.
- Tangfam ya imparwagnu ingkanà mautu.



### Fried Vegetables

You can cook Chinese cabbage, cabbage, sweet potato or sayote tops, water-cress or any leafy vegetables in this way.

|                   |                           |
|-------------------|---------------------------|
| 1 chopped onion   | 1 chopped tomato          |
| 1 clove of garlic | 1 teaspoon chopped ginger |
| 1 tablespoon oil  | or chili                  |
| leafy vegetables  |                           |
| 1 cup water       |                           |

1. Fry the onion and garlic.
  2. Add the tomato and ginger or chili.
  3. Add the chopped vegetables and water.
- Cover and boil gently until the vegetables are cooked.

---

### Ginisang Gulay

Angkop sa petsay, repolyo, kamote o talbos ng sayote o anumang uri ng talbos ang ganitong paraan ng pagluluto.

|                       |                        |
|-----------------------|------------------------|
| 1 sibuyas na tinadtad | 1 kamatis na tinadtad  |
| 1 ulo ng bawang       | 1 kutsaritang tinadtad |
| 1 kutsarang mantika   | na luya o sili         |
| gulay na talbos       |                        |
| 1 tasang tubig        |                        |

